Regular School Attendance

Regular na Pagdalo sa Paaralan

Impormasyon para sa mga magulang at tagapag-alaga

Alam ba ninyo? Kung ang mga mag-aaaral ay nagliban ng kahit walong araw lamang sa isang termino sa paaralan, sa pagwawakas ng kanilang panahon sa primarya nagkaroon na sila ng isang taong pagliban sa pag-aaral.

Bakit ko pag-aaralin sa paaralan ang aking anak?

Ang edukasyon sa New South Wales ay sapilitan. Ito ay nangangahulugan na lahat ng mga kabataan na may gulang na anim na taon at lalong mababa sa pinakamababang gulang ng di-pagpasok sa paaralan (school leaving age) ay kinakailangang mag-eskuwela sang-ayon sa batas.

Mula 2010, lahat ng mga estudyante sa New South Wales ay kinakailangang magtapos ng Year 10. Pagkatapos ng Year 10 at hanggang sila ay magkakaroon ng 17 taong gulang, ang mga estudyante ay dapat:

1. nasa paaralan o nakatala para sa pag-aaral sa bahay
2. nasa aprobadong edukasyon o pagsasanay (hal. TAFE, traineeship, apprenticeship) o
3. nasa may sahud na trabaho sa buong araw (25 oras bawat linggo) o naghalong trabaho, edukasyon at/o pagsasanay.

Ang mga punong-guro ay may pananagutan sa batas na gagawa ng mga tamang ulat ng pagpasok ng mga mag-aaral sa paaralan.

Ang mga punong-guro ay may pananagutan din sa pagdedesisyon kung ang dahilang ibinigay sa isang pagliban sa klase ay makatuwiran.

Dahil dito, ang mga punong-guro ay maaaring humingi ng mga sertipikong medikal o ibang kasulatan para sa mga mahaba o palagiang pagliban na ipinaliwanag ng mga magulang na dahil sa pagkakasakit.

Kung ang mga punong-guro ay hindi naniniwala na ang isang paliwanag ay tama, iuulat nila ang pagliban bilang hindi makatuwiran.

Mahalagang maiintindihan natin na ang New South Wales Department of Education and Training ay maaaring magsampa ng kaso sa mga magulang (kasama ang mga tagapag-alaga) kung ang mga bata na nasa pilitang-gulang na mag-aral ay maraming beses nang pagliban na walang makatuwirang dahilan.

Kailangan ko bang papuntahin ang aking mga anak araw-araw?

OO. Isang kondisyon ng pagpapatala ang pagpasok nilang regular na araw-araw sa paaralan.

Ang ilang beses ng mga pagliban ay maaaring makatuwiran kung ang inyong anak ay:

- may kinakailangang puntahan na isang natatanging pangrelihiyon na seremonya.
- ay kinakailangang dumalo sa isang maselan at/o kaagad na sitwasyon sa pamilya (hal. isang paglilibing)
- ay may masamang karamdaman o nakakahawang sakit.

Ang mga pamumuguran ng kuto ay pangkaraniwang nangyayari, lalo na sa mga paaralang primarya. Ang mga magulang ay dapat palagiang magsuri sa buhok ng kanilang anak at sugpuin ang mga itlog at pinagpupugaran ng mga kuto.

May makukuhang isinalin-wikang impormasyon tungkol sa kuto at kung paano mapugsa ang mga ito sa:

https://www.det.nsw.edu.au/languagesupport/documents/headlice/infosheet.htm

Ang payo mula sa NSW Health ay nagpapakita na hindi kinakailangang pauuwiin ang mga mag-aaral o hindi papasukin sa paaralan dahil sa kuto. Hindi makatuwirang dahilan ang pagkakaroon ng kuto para sa matagalang pagliban sa klase.

Bakit kinakailangan ang regular na pagpasok sa paaralan?

Ang pagpasok nang regular sa paaralan ay makakatulong sa inyong anak na magtatagumpay sa hinaharap na buhay.

Dahil sa regular na pagpasok sa paaralan ng inyong anak, nagiging lalong madali't magaan sa kanya ang pag-aaral at nakakatulong sa pagkakaroon ng matatag na pagkakaibigan sa mga ibang bata.

Kung hindi mapag-aaralan ng inyong anak ang mga batayang kasanayan sa mga unang taon sa paaralan, sila ay maaaring magkakaroon ng mga problema sa pag-aaral sa mga susunod na taon.

NEW SOUTH WALES DEPARTMENT OF EDUCATION AND TRAINING

Bakit kinakailangang makarating sa paaralan ng nasa wastong oras?

Ang pagdating sa hustong oras sa paaralan at klase:

- ay nagbibigay katiyakan na ang inyong anak ay hindi naiiwasan ng mga mahahalagang gawaing-aral na pinapagawa ng maaga pa ang araw na kung kailan sila ay pinaka-alerto
- ay tumutulong sa inyong anak na makaalam sa kahalagaan ng nasa tamang oras at magandang palakaran/kaugaliang ginagawa
- nagbibigay ng pagkakataon sa inyong anak na makipagkumustahan sa mga kaibigan bago magsimula ang klase, kaya
- mabawasan ang maaring pagkaabala ng klase.

Ang pagkaantala ay iniuulat bilang bahaging-pagliban at kinakailangang maipaliwanag sa paaralan sa paraang katulad sa ibang uri ng pagliban.

Ano ang aking gagawin kapag ang aming pamilya ay magbabakasyon habang may pasok sa paaralan!

Ang mga magulang at tagapag-alaga ay hinahakayat na huwag alisin ang kanilang mga anak para sa mga pagbabakasyon ng pamilya. Ang mga pamilya ay dapat magsaayos ng mga pagbabakasyong sa panahon na walang pasok sa paaralan.

Kung ang inyong pampamilyang pagbabakasyon ay nasa panahong may pasok sa paaralan, maaagang magbigay ng pasabi sa punong-guro at humingi ng pagliban at/o di-pagsali mula sa paaralan.

Depende sa sitwasyon at kung gaano katagal ang magiging hindi-pagpasok, maaaring makahingi sa paaralan ng mga gawaing aralin na tatapusin ng inyong anak habang hindi nakakapasok sa paaralan.

Kailangan bang makisali sa lahat ng mga gawain ang aking anak, pati ang araw-araw na pag-ehersisyo at laro?

OO. Ang laro at iba pang mga gawaing pisikal ay nakakatulong sa pagpapanatili ng kalusogan ng inyong mga anak. Ang mga bata ay inaasahang sasama sa lahat ng mga gawain sa paaralan, pati na ang laro.

Huwag hayaang magliban sa paaralan ang inyong anak nang dahil lamang sa mga sumusunod:

- kapag may mga kaarawan
- sa pamamalengke
- sa pag-aalaga sa ibang bata
- sa simpleng pagpapasuri o pagkaka-alaga sa sarili katulad ng pagkakaputol ng buhok
- simpleng mga kaganapan sa pamilya
- napahabang pagtulog

Ang mga pangmedikal at iba pang pagtitipan para sa kalusugan ng inyong anak ay dapat gawin lamang bago o pagkatapos ng klase o habang nasa mga araw ng bakasyon.

Ano ang aking gagawin kong kailangang hindi papasok ang aking anak sa paaralan?

Kung kinakailangang magliban ang inyong anak mula sa paaralan, mahalagang sabihin ito sa paaralan at sabihin ang dahilan ng pagliban ng inyong anak. Sa pagpapaliwanag ng isang pagliban ang magulang at tagapag-alaga ay maaaring:

- magpadala ng ng sulat, paks o e-mail sa paaralan
- magtawag sa paaralan, o
- bumisita sa paaralan.

Lahat ng mga pagliban ay kailangan ipaliwanag sa paaralan. Ang mga babasahin at dadag na impormasyon na nakasulat sa dalawahang-wika ay matutunghayan sa website ng Departamento sa hanay ng School Attendance (Pagdadalo sa Paaralan):

https://www.det.nsw.edu.au/languagesupport/documents/index_s.htm

Ang punong-guro ng paaralan ay may karapatan upang mag-usisa sa paghingi ng pahintulot ng mga magulang at tagapag-alaga na lumiban ng kanilang anak sa paaralan .

Ang punong-guro ay maaari ding magtanong tungkol sa anumang paliwanag na ibinigay tungkol sa pagliban sa paaralan ng isang bata.

Kapag ayaw papasok ang aking anak sa paaralan, ano ang aking gagawin?

Dapat ninyong tawagan kaagad ang punong-guro upang mapag-usapan ang problema at makahingi ng tulong. Ang punong-guro ay maaaring magpatulong sa isang namamagitang opisyal sa bahay at paaralan (home-school liaison officer) o opisyal na namamagitan para sa katutubong mag-aaral.

Sino ang mga opisyal na namamagitan sa bahay at paaralan (home-school liaison officers) at sino ang mga namamagitang opisyal para sa mga katutubong mag-aaral?

Ang mga opisyal na namamagitan sa bahay at paaralan at ang mga namamagitang opisyal para sa mga katutubong mag-aaral ay tanging sinanay upang makatulong sa iyo na pumasok ng iyong anak sa paaralan.

Sila ay naglilingkod sa mga komunidad sa paaralan na maghikayat sa lahat ng mga estudyante na regular na pumapasok sa kanilang klase.

Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa Programa ng Namamagitan sa Bahay at Paaralan (Home School Liaison Program), tawagan ang namamahala sa programa at ang pinakamalapit ninyong opisinang pangrehiyon ng Department of Education and Training. Ang matawagang telepono ay makikita sa loob ng website: www.det.nsw.edu.au/contactus/index.htm o tawagan ang 131 536.

Mayroon ba kayong problema sa pagpasok ng inyong anak sa paaralan dahil sa sumusunod na programa?

- ayaw bumangon mula pagtulog
- ayaw matulog
- hindi mahanap ang kanilang mga damit, aklat, aralin sa bahay, school bag…
- hindi nakahanda ang baong pantanghali
- mabagal na kumain ng almusal
- hindi natapos ang aralin sa bahay
- malalim ang gabing panunuod sa telebisyon o kailan sila ay dapat naghahandang pumasok sa paaralan
- pagsusulit o programa sa paaralan
- mga karawan
- nag-aarburuto at ayaw bibitiw sa inyo sa paaralan

Narito ang mga ilang mungkahi na batay sa pagkakaroon ng regular at kaugaliang ginagawa:

- Magkaroon ng regular na oras ng pagbangon
- Magkaroon ng regular na oras ng pagtulog
- Ihanda ang uniporme at school bag sa gabi
- Ihanda ang mga baon sa gabi
- Magkaroon ng regular na oras ng pagsisimula/ pagtatapos ng almusal. Mahalagang magkaroon ng kalakaran o kaugaliang ginagawa.
- Magkaroon ng regular na oras sa araw-araw upang gawin ang mga aralin sa bahay
- Buksan nag telebisyon sa regular na oras at kung nararapat lamang ang mapanuod
- Maging matatag sa pagdesisyon: dapat pumasok sa paaralan ang mga bata
- Magbigay ng malaming magagandang panghikayat
- Maging matatag, ang isang kaarawan ay hindi araw ng pagbabakasyon
- Itiyempong makarating sa paaralan sa hustong-hustong oras ng pagbatingaw para pumasok ang mga bata sa klase at umalis kayo kaagad. Kung napagkasunduan sa guro ng maaga, ibigay ang kamay ng bata sa guro at saka kayo umalis kaagad.

Kailangan ba ninyo ang isang interpreter?

Ang mga serbisyo ng isang interpreter ay maaaring maipaglingkod sa mga magulang at tagapag-alaga na hindi mahusay na makakapagsalita o nakakaintindi ng Ingles at para sa mga magulang at tagapag-alaga na pipi't bingi na gumagamit ng senyas sa pakikipag-usap. Para sa dagdag na impormasyon sa mga serbisyo ng interpreter, kontakin ang inyong paaralan o tawagan ang Serbisyo ng Interpreter sa Telepono (Telephone Interpreter Service) at sabihing tawagan nila ang paaralan. Ang numero ng teleponong tatawagan ay 131 450. Humingi ng interpreter sa pili ninyong wika at ang interpreter ang tatawag sa paaralan at manatili sa linya upang makatulong sa pakikipag-usap ninyo. Hindi kayo pagbabayarin sa serbisyong ito.

© March 2010
Student Welfare Directorate
NSW Department of Education & Training